## SO WHAT

- Anong katotohanan ang pwede nating panghawakan bilang mga mananampalataya kapag tayo ay nabigo?
- Papaano naaapektuhan ng katotohanan ng habag, pag-ibig, at grasya ng Diyos ang ating pag-uugali sa kabiguan?
- Ano ang matututunan natin sa Kawikaan 24:16 kung iuugnay ito sa pagkabigo?

## NOW WHAT

- Ano ang isang bahagi ng buhay na palagi kang nahihirapan at nahuhulog? Anong pangako sa Bibliya ang mapanghahawakan mo upang malampasan ito?
- Maglaan ng panahon ngayong linggo upang palakasin ang loob ng isang kakilala na dumaranas ng kabiguan.
- Papaano natin palalakasin ang loob ng ibang tao na nakaranas ng matinding kabiguan sa kanilang buhay?

## PRAYER

- Ipagdasal ang isang bahagi ng kabiguan na hindi mo pa lubusang napagtagumpayan. Hilingin sa Diyos na palaguin ang pananampalataya at pananalig sa iyong puso upang ikaw ay makapanaig.
- Manalig para sa grasya at tagumpay sa bahagi ng iyong buhay kung saan madalas kang nahuhulog. Tumugon sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Diyos.
- Humiling sa Diyos na bigyan ka ng grasya at pagnanais na makilala at mahalin pa Siyang lalo upang matulungan kang mas humindi sa kasalanan o tumakbo papalapit sa Kanya sa panahon ng kabiguan.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 4 FILIPINO

# Sa Panahon ng Kabiguan




## NOTES

## CONNECT

- Anong asignatura ang alam mong magaling ka bilang mag-aaral?
- Ibahagi ang panahong natalo ka sa isang laro na iyong sineryoso at pinaghusayan. Anong nangyari?
- Ano ang isang bagay na hindi ka magaling gawin? Papaano mo hinaharap ang kahinaan na ito?

**WORD**

*[10]Ilikha n'yo ako ng dalisay na puso, O Diyos, at muli akong bigyan ng matuwid na espiritu. [11]Huwag po akong itaboy palayo sa piling n'yo, at huwag kunin sa akin ang inyong banal na Espiritu. [12]Ibalik sa akin ang kagalakan noong ako'y iniligtas n'yo at bigyan ako ng masunuring espiritu.* SALMO 51:10-12

**WHAT**

Pagkatapos pagsabihan ni Natan si David sa kanyang pangangalunya at pagpatay, inawit niya ang kantang ito sa Diyos. Sa punto ng kabiguan ni David, lumapit pa rin siya sa Diyos at nanumbalik din ng di kalaunan. Tulad din nito sa panahon ng kabiguan, tayo rin ay makakalapit sa Diyos at makakapagpatuloy. Ano ang matututunan natin sa tugon ni David at sa pagkatao ng Diyos na makakatulong sa ating manumbalik sa panahon ng kabiguan?

## 1 Inamin ni David ang kanyang pagkakamali nang may pagpapakumbaba.

*Sinabi ni David kay Natan, "Nagkasala ako sa Panginoon." Sumagot si Natan, "Pinatawad ka na ng Panginoon at hindi ka mamamatay sa kasalanang ginawa mo."* 2 SAMUEL 12:13

Nang napagtanto ni David na siya ay nagkasala sa Diyos, ang una niyang naging tugon ay aminin ang kanyang pagkakasala at sumamo sa habag ng Diyos. Ang panunumbalik galing sa kabiguan ay nagsisimula sa pagkakaroon natin ng kamalayan ng may pagpapakumbaba na tayo ay nabigo. Nakakatulong ito sa ating pakitunguhan nang may pagpapakumbaba ang Diyos at ang mga awtoridad na ating nabigo (mga amo, magulang, guro, atbp.) at ng hindi nagtatanggol o nagdadahilan. Ano ang nagpapahirap sa mga tao na aminin ang kanilang kabiguan?

## 2 Hinarap ni David ang kabiguan ng kanyang pananalig sa Diyos.

*Pagkarinig nito, bumangon si David, naligo, nagpahid ng langis at nagpalit ng damit. Pumunta siya sa templo ng Panginoon at sumamba. Pagkatapos, umuwi siya at kumain.* 2 SAMUEL 12:20

Kaharap ang bunga ng kanyang kasalanan kung saan nagkasakit ang kanyang anak at namatay din ng kalaunan, putuloy na nanalig si David sa katauhan at kapangyarihan ng Diyos. Mapagpakumbaba siyang nagsumamo sa habag ng Diyos na iligtas ang kanyang anak. At kahit na sa huli ay hindi binigay ang kanyang hiling, tumugon pa rin ng may pananampalataya at pananalig si David sa Diyos. Ganoon na lamang na kahit sa gitna ng bunga ng kanyang kabiguan, patuloy na nagsamba si David sa Diyos. Kapag tayo ay nabigo, madali lang ba sa atin na tumakbo palapit sa Diyos at sumamba sa Kanya? Tulad ni David, bakit natin kakayanin na patuloy na manalig sa Diyos?

## 3 Ibinalik ng Diyos ang katayuan ni David.

*[24]Dinamayan ni David ang asawa niyang si Batsheba, at nagsiping sila. Nabuntis si Batsheba at nanganak ng isang lalaki, at pinangalanan nila siyang Solomon. Minahal ng Panginoon ang bata, [25]at nagpadala siya ng mensahe kay Natan na pangalanan ang batang Jedidia dahil mahal siya ng Panginoon.* 2 SAMUEL 12:24,25

Sa huli naman ay namumbalik si David dahil sa kabutihan at paglalaan ng Diyos na makikita sa pagsilang ni Jedidia. Tulad din sa atin, nakakapanumbalik tayo galing sa ating kabiguan sa pamamagitan ng tulong, pagmamahal, at paglalaan ng Diyos. Ikwento ang panahong tinulungan ka ng Diyos na manumbalik galing sa isang kabiguan.